



## MAARI BANG MAGAMOT ANG KANSER?

Karamihan sa mga sakit ng kanser ay nagagamot kung ito ay maagang natutuklasan. Ang maagang natutuklasan ng kanser ay ang mga sumusunod: suso, *cervix*, bituka, tumbong, *thyroid* at *prostate*. Samantalang ang naiwasan na kanser ay ang sa baga, atay at *cervix*.




### Philippine Society of Medical Oncology

Unit 1418, 14/F, North Tower,  
Cathedral Heights Bldg. Complex,  
St. Luke's Medical Center,  
E. Rodriguez Ave., Quezon City 1112

Telephone No.: (632) 721-9326  
(632) 723-0101 loc. 5318

Email add: [inquiries@psmo.org.ph](mailto:inquiries@psmo.org.ph)  
[psmo\\_secretariat@yahoo.com](mailto:psmo_secretariat@yahoo.com)

Website: [www.psmo.org.ph](http://www.psmo.org.ph)

 [/cancerexpertsphilippines](https://www.facebook.com/cancerexpertsphilippines)

 [@cancerexperts](https://www.instagram.com/cancerexperts)

 [@oncologyph](https://twitter.com/oncologyph)



Pangkalahatang  
impormasyon tungkol  
sa

# KANSER

# Impormasyon tungkol sa

# KANSER

Ang kanser ay isang uri ng karamdamang nagmumula sa abnormal na pagdami ng mga *cells*. Ang *malignant tumors* o ang mga mapanganib na tumor ay umaatake at sinisira ang mga normal na tisyu at maaring kumalat sa iba't ibang bahagi ng katawan.

## Maaari bang maiwasan ang kanser?

1/3 ng lahat ng kanser ay maaaring maiwasan

- Upang maiwasan ang kanser dapat magkaroon ng isang malusog na pamumuhay na mula sa pagkabata pa lamang.
- Sanayin ang pagkain ng mga masusustansiyang pagkain. Kumain ng mga pagkain na mabuti sa katawan gaya ng prutas, gulay at mga pagkain na may *high fiber*.
- Bawasan ang pagkain ng mga pagkain na mataba, matamis at maalat.



- Pag-ensayo / *exercise*




- Bawasan ang *stress*

## Iwasan ang mga sumusunod na bagay na nagtataguyod at nagiging sanhi ng kanser:

- Ang karaniwang sanhi ng kanser ay ang mga sangkap ng usok ng sigarilyo na nagdudulot ng kanser sa baga at iba pang uri ng kanser tulad ng sa bibig at lalamunan. Ang paninigarilyo ang pangunahing rason sa 85% na pagkamatay dahil sa kanser sa baga, at dinagdagdagan nito ang panganib na magkaroon pa ng iba pang uri ng kanser.




- Ang *Hepatitis B Virus* (HBV) ang pangkaraniwang sanhi ng kanser sa atay sa ating bansa. Upang maiwasan ito, nirerekomenda ang bakuna sa mga sanggol laban sa HBV.



- Ang *Human Papilloma Virus* (HPV) ang sanhi ng kanser sa *cervix*, at ito ay nakukuha sa pagtatalik. Upang maiwasan ito, ang *safe sex* ay isang epektibong paraan upang hadlangan ang sakit na ito.

Human papillomavirus (HPV)



- Ang *estrogen* o kalagayan ng *hormone* ng babae ang nagiging panganib sa pagkakaroon ng kanser sa suso.

- Nagiging mataas ang panganib sa kanser kapag inaabuso ng isang tao ang pag-inom ng alak.



## Ang mga bagong kaso ng sakit sa kanser sa ating bansa at ang bilang ng mga namatay noong 2015:

URI NG KANSER	BILANG NG MGA NAGKAKASAKIT
1. SUSO	20,267
2. BAGA	13,679
3. BITUKA AT TUMBONG	9,625
4. ATAY	8,649
5. CERVIX	7,289
6. PROSTATE	5,526
7. LEUKEMIA	4,270
8. THYROID	3,288
9. TIYAN	2,715
10. OBARYO	2,657

URI NG KANSER	BILANG NG MGA NAMATAY
1. BAGA	11,775
2. ATAY	8,335
3. SUSO	7,384
4. BITUKA at TUMBONG	5,523
5. LEUKEMIA	3,386
6. CERVIX	3,151
7. PROSTATE	2,912
8. TIYAN	2,301
9. OBARYO	1,610
10. THYROID	978